

# Mga Workshop Tungkol sa Balangkas ng Mga Tuntunin Para sa Pagbabawas sa Emission

Tuntunin 11-18 • Tuntunin 12-16 • Tuntunin 13-1

Inaanyayahan ng Air District ang pamayanan ng Bay Area na makilahok sa isang workshop para magkaroon ng kaalaman tungkol sa tatlong bagong balangkas ng mga tuntunin:

**Ang Regulasyon 11, Tuntunin 18** ay naglalayon na bawasan ang maaaring mga panganib sa kalusugan mula sa toxic na mga emission sa hangin mula sa daan-daang pasilidad na nasa Bay Area.

**Ang Regulasyon 12, Tuntunin 16**, na iminungkahi ng koalisyon ng mga organisasyong tagapagtaguyod, ay magtatakda ng numerong hangganan para sa greenhouse gas at iba pang mga emission mula sa mga refinery.

**Ang Regulasyon 13, Tuntunin 1** ay ang una sa isang serye ng panrehiyon na mga tuntunin na magbabawas sa mga greenhouse gas emission mula sa iba't ibang mga industriya. Ang Tuntunin 13-1 ay nagtatakda ng hangganan sa dami ng karbon na ibinubuga (carbon intensity) ng bawat bariles ng krudong langis na repinado sa mga refinery sa Bay Area.

Sa mga workshop, makipag-usap sa mga tauhan ng Air District, pakinggan ang isang pagtatanghal tungkol sa mga tuntunin na iminumungkahi, magtanong at magbigay ng mga komentaryo.

Tatanggap ang Air District ng mga komentaryo mula sa publiko tungkol sa mga tuntuning ito hanggang sa **Biyernes, Abril 7, 2017**. Para sa mga tanong at mga nakasulat na komentaryo, kontakin si Greg Nudd sa [gnudd@baaqmd.gov](mailto:gnudd@baaqmd.gov). Ang lengguwahe ng balangkas ng tuntunin ay ilalathala sa webpage ng Regulatory Workshops sa oras na handa na ito: <http://www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/regulatory-workshops>

Maaaring magkaroon ng pagsasalin ng wika kapag humiling nang hindi kukulangin sa 72 oras bago magsimula ang event. Kontakin si Azibuike Akaba sa [aakaba@baaqmd.gov](mailto:aakaba@baaqmd.gov), 415-749-8603 para humiling ng pagsasalin.

## SCHEDULE NG MGA WORKSHOP

### Cupertino

**Lunes, Marso 27, 4:30-6 p.m.**  
Cupertino Community Hall  
10350 Torre Ave.

### Benicia

**Martes, Marso 28, 6-7:30 p.m.**  
Benicia Public Library,  
Dona Room, 150 East L St.

### Hayward

**Miyerkoles, Marso 29, 4:30-6 p.m.**  
Weekes Community Center  
27182 Patrick Ave.

### Richmond

**Huwebes, Marso 30, 6:30-8 p.m.**  
Richmond Memorial Auditorium,  
Bermuda Room, 2533 Nevin Ave.



BAY AREA  
AIR QUALITY  
MANAGEMENT  
DISTRICT

Makipag-ugnay sa  
amin:



*Ang Air District ang rehiyonal na ahensyang may pananagutan para sa pangangalaga sa kalinisan ng hangin sa Bay Area na binubuo ng siyam na county.*

**BAAQMD.gov**